Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG NOBYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-09:47 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

KGG. BELEN B. RAGA ----------------*Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan*
KGG. RHODA DM. RABIE ---------------- Kagawad
KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO ---------------- Kagawad
KGG. IRENEO R. BALDOVINO ---------------- Kagawad
KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR.---------------- Kagawad
KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO------------- Kagawad
KGG. ORLANDO R. DE LUNA ---------------- Kagawad
KGG. JOHN ALBERT C. RANA ---------------- Kagawad
KGG. EDGARDO B. GONZALES ---------------- Kagawad
KGG. ARIEL D. AÑONUEVO ---------------- Pangulo-LNB
KGG. RENZO L. MATIENZO ---------------- Pangulo-SKF

## KAPASIYAHANG BLG. 86 T. 2020

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA MINAMAHAL NA KINATAWAN NG IKA-APAT NA DISTRITO NG LALAWIGAN NG LAGUNA, KGG CONGRESSMAN BENJAMIN C. AGARAO JR. PARA SA KONSTRUKSYON NG OPEN CANAL SA MAGANO STREET, BARANGAY MAYTALANG I, UPANG TUGUNAN ANG SULIRANIN SA PAGBAHA SA NASABING LUGAR**

**Akda ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**
Tagapanguno ng Lupon ng mga Gawaing Pangmadla

**SAPAGKAT**, isa sa pangunahing gawain ng lokal na pamahalaan ang magbigay ng mga pangunahing serbisyo sa mga mamamayan at tugunan ang mga pangangailangan ng publiko tungo sa pag-unlad ng mga pamayanan at maginhawang pamumuhay;

**SAPAGKAT**, ang Barangay Maytalang I, partikular sa Magano Street ay lumulubog sa tubig baha bunsod ng pag-ulan dahil sa kawalan ng maayos na drainage system kung kaya't marami sa mga maninirahan ang naaapektuhan lalo na ang kalagayang pangkalusugan;

**SAPAGKAT**, ang palagiang pagbabaha ay nagbibigay banta rin sa buhay ng mga naninirahan dahil sa ihi ng daga na pinagmumulan ng leptospirosis at naipong tubig na siyang pinangingitlugan ng lamok na may dalang dengue virus;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Barangay at ang Pamahalaang Bayan ay walang sapat na pondo upang matustusan ang mga programa sa mga pagawaing pangmadla kung kaya't ang tulong mula sa ibang ahensiya ng pamahalaan ay lubhang kailangan upang ang mga suliranin sa kanayunan ay matugunan;

**SAPAGKAT**, ang matagal ng minimithi ng mga taga-barangay Maytalang I, sa lugar ng Magano Street, ng mga nanunungkulan sa barangay at ng pamahalaang bayan ay magkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng ayuda mula sa minamahal na Congressman Benjie Agarao na tunay na nagmamalasakit sa kapakanan ng mga mamamayan ng ika-apat ng distrito ng Laguna lalo na sa mga Lumbeño;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.** na pinangalawahan ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** at **Kgg. Orlando R. De Luna** at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, ng gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan na mapitagang humihiling sa minamahal na Kinatawan ng ika-apat na Distrito ng Lalawigan ng Laguna, Kgg Congressman Benjamin C. Agarao Jr. para sa konstruksyon ng open canal sa Magano Street, Barangay Maytalang I, upang tugunan ang suliranin sa pagbaha sa nasabing lugar;

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng butihing Kinatawan ng ika-apat na Distrito ng Lalawigan ng Laguna para sa kaniyang kabatiran, gabay at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-18 ng Nobyembre, 2020.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt111820res86*